

INTERNATIONAL NAPASA (July 16th, 2024)

1)SIGN LANGUAGE LECTURE PARA SA MGA BAGUHAN

しょしんしゃの ため の しゅわ こうしゅうかい の おしらせ
初心者のための手話 講習会のお知らせ

Mula sa July 23 hanggang August 27 ng tuwing araw ng Martes ay magkakaroon ng **SIGN LANGUAGE LECTURE** para sa mga baguhan sa **WELFARE CENTER (FUKUSHI KAIKAN)** sa Hiratsuka City. Ang mga makikinabang ay ang mga mag-aaral ng elementarya mula Grade III pataas at hanggang 20 katao ang makadadalo. Subalit hindi kasama ang August 13. Ang address ng **WELFARE CENTER (FUKUSHI KAIKAN)**, sa 1-43 Oiwake. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang tanghali. Para sa mga nais dumalo ay deretsang kumontak sa **WELFARE CENTER (FUKUSHI KAIKAN) Telephone Number 0463-33-0007 (0463-33-0007)**. Dito ay makakadalo ang naunang 20 katao.

2)PAINPORMASYON UKOL SA CONCERT SA YAWATAYAMA NO YOUKAN

はちまんやま ようかん
八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa July 17 (Wednesday) ay magkakaroon ng free **CONCERT** sa **HACHIMANYAMA NO YOUKAN**. Ang Classic Musical Concert ay mula 11:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali at mula 6:00 ng hapon hanggang 8:00 ng gabi ay magkakapanood naman ng Pop at Folk Concert. Para sa detalyadong programa at mga performer ay makikita sa **Home Page** ng Hiratsuka City. Makakapasok ang hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay maaaring makipag-ugnayan sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114)**.

3)UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

ひらつかし のうぜいか ぜいきん のうふきげん
平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa July 31 ang huling palugit ng ikalawang bahagi ng bayarin ng **PROPERTY TAX**. Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa **TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769)**.

4)UKOL SA MGA NAGPAPADALA SA POST OFFICE PAPUNTA SA IBANG BANSA

がいこくへ ゆうびんぶつ をおく
外国へ郵便物を送る方のお知らせ

March 1, 2024 ang mga ipinapadala sa Post Office papuntang ibang bansa ay hindi na gagamitin ang label na sulat kamay kung hindi ay idadaan na sa **"MY PAGE INTERNATIONAL POSTAL SERVICES"** at gagamitin ang ipinatutupad na label at ididikit sa inyong ipadadala.

5)IMPORMASYON UKOL SA PATERNITY LEAVE SUPPORT ALLOWANCE

育休いくきゅうパパおとうさん応援支援金しえんきんのお知らせし

Dito sa Hiratsuka City ang mga amang nakakuha ng “Childcare Leave” ay mabibigyan ng support allowance na nagkakahalaga ng **¥ 100,000** kapag nakamit ang mga kondisyong nasa ibaba:

1. Nakatala sa Residence registry
2. Nakakuha ng Childcare Leave ng 4 na linggo o higit pa sa loob ng 8 linggo matapos maipanganak ang bata.
3. Ang bata ay ipinanganak ng March 4, 2024 o higit pa, at ang ama ay nakakuha ng Childcare Leave mula April 1 o higit pa.
4. Dumalo ng **“HAHA,CHICHI KYOUSHITSU”** sa Hiratsuka City.

Para sa mga may katanungan ukol sa bagay na ito ay makikita sa Home page ng **HIRATSUKA CITY** o makipag-ugnayan sa **HEALTH SECTION (KENKO KA)** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-55-2111 (0463-55-2111)**.